

1

Dalawang araw matapos ang kasal ng kaibigang si Alessa, nakatanggap ng tawag si Joyce Paredes mula kay Janna, ang kanyang nakababatang kapatid. Pinauuwi raw siya ng kanyang ama sa Bacolod. At bagaman karamihan sa kuwento nito ay hindi niya gaanong maintindihan, batid niyang importante iyon.

Tila uhaw na uhaw na napainom siya ng malamig na tubig nang matapos ang usapan nilang magkapatid. Napansin iyon ng dalawa pa niyang kaibigan na kasosyo niya sa pamamalakad ng kanilang negosyo, ang *Margin Bookstore*.

“May problema ba?” tanong ni Yen sa kanya.

“Kailangan daw ako ni Tatay sa amin. Pinaaalis na raw sila sa lupang kinatitirikan ng bahay namin doon,” sagot niya.

“Hindi ba’t kaibigan ng tatay mo iyong may-ari?” ani Mitch.

“Patay na raw iyong may-ari.” Napasandal siya sa upuan at ilang beses na nagbuntong-hininga. “Hindi ko nga maintindihan, eh. Pag-uwi ko na lang daw doon saka nila ikukuwento iyong mga detalye.”

Stumbled Heart - Tarra Buluran

Napatitig si Yen sa kanya. “Kailan mo balak pumunta roon?”

Tiningnan niya ang dalawa, halatang natigatig ang mga ito. “Bukas ng umaga,” tugon niya.

“Item inventory pa naman natin bukas,” anito, bakas sa tono ang pag-aalala.

“Pasensya na,” malungkot na sabi ni Joyce. “Naha-high blood na rin daw si Nanay sa sobrang kunsumisyon. Binigyan lang daw kasi sila ng isang linggo para makahanap ng ibang malilipatan.”

“Ano! Grabe naman iyong may-ari! Kung iyon ngang mga nangungupahan sa apartment, isang buwan kung bigyan ng palugit bago makalipat, samantalang iyon, isang linggo? Ganoon ba kadali iyon?” pumapalatak na turan ni Mitch.

Napakibit-balikat na lamang si Yen. “O, paano, hindi ka na namin pipigilan. Mag-iingat ka. Tawagan mo lang kami kung kailangan mo ng tulong, ha,” anito.

“Salamat sa inyo. Mitch, iyong bookstore, huwag mong pababayaan. Alam mo namang pabalik-balik si Yen ng Palawan dahil inaayos din niya iyong kasal niya. At si Alessa, magkaka-baby na kaya hindi na natin siya masosolo,” pahayag niya.

“Don’t worry, ako ang bahala. Basta’t asikasuhin mo ang pamilya mo,” tugon nito.

“Hayaan ninyo, babalik agad ako basta maisaayos ko ang lahat,” pangako niya.

“Joyce, huwag mo kaming problemahin, okay?” ani Yen. “Matatanda na kami at alam na namin kung ano ang dapat gawin. Take your time. Mas kailangan ka nila at naiintindihan namin iyon.”

“Salamat.”

Nakabusangot ang mukha ni Architect Jim Fralikk Morelos nang bumalik sa lanai kung saan naghihintay ang kanyang abogado. Ito rin ang kanyang matalik na kaibigan. At sa edad niyang treinta, limang taon lamang ang tanda nito sa kanya ngunit madalang na ang buhok nito sa bumbunan.

“What happened, Jim?” tanong ni Atty. Danilo Marquez. “Kanina lang, ang sigla ng kilos mo. Pero ngayon, natakpan na ng mga kilay ang mga mata mo. Ano ba ang problema?”

“Roanne just broke up with me!” madiing sabi niya. Kung ang karaniwang problema sa opisina ay napapainit kaagad ang ulo niya, lalo na ang ganitong

klaseng dalahin sa puso. Nabubugnot na naupo siya sa silyang kaharap nito.

“So?”

“Dan, ayos na ang lahat para sa kasal namin, for God’s sake!”

Natawa ang kaibigan. “So what? Ang daming babae diyan, Jim! Sa katayuan mong iyan, papayag ka bang magkandarapa sa kanya?”

Napailing ang binata, tila biglang nahimasmasan. “Hindi sa ganoon, Dan. Ang tagal naming pinaghandaan iyon. Ngayon pa ba siya uurong dahil lang sa kinukulang ako ng panahon sa kanya? Alam naman niya kung gaano rin kahalaga sa akin ang mga negosyong iniwan ng Papa,” paliwanag niya.

“Well, let her do her thing.” Humalukipkip ito at sumandal sa upuan, tila bale-wala rito ang nalamang hiwalayan ng magkasintahan. “I’m sure, a few days after, babalik si Roanne at luluhod sa harapan mo dahil manghihinayang siya kapag nawala ka sa buhay niya.”

“Nagkaroon na kami ng ganyang away dati. Iyan din ang ginawa niyang panakot, ang makipaghiwalay,” kuwento ni Jim.

“Ano ang ginawa mo?”

“Knowing me, hindi ka maniniwala sa ginawa ko.”

“Tell me!” udyok nito.

“Araw-araw ko siyang pinadalhan ng mga bulaklak, tinawagan, at kinarinyo hanggang mapalambot ko siya,” lahad niya, sabay tungga sa basong may brandy.

Humalakhak si Dan. “Then do it again if you’re worried about your wedding,” payo nito.

“Hindi na. Tama na iyong isang beses akong nagpakagago sa kanya,” mariing saad niya.

“Paano kung hindi rin siya magbaba ng pride?” nangingiting sabi nito.

Napangiti siya nang mapakla. “If that’s what she wants, so be it! Hindi ko sasayangin ang oras ko sa mga ayaw umintindi.”

“And if she comes back?”

Napatitig siya sa kausap. “She has to promise me that she won’t do it again.” Napasandal siya sa silya. “Because if she fails, she can no longer win me back.”

“Is that a decision, o something na dala lang ng

emosyon mo?” paniniguro nito.

“Then she must try me,” sabi na lamang niya, sinaid ang laman ng baso.

Hindi pa man sumisikat ang araw ay naroon na si Joyce sa tapat ng bahay nila sa Talisay. Walang pinagbago ang lugar na iyon maliban sa gabundok na graba at buhangin na nakahilera sa di-kalayuan katabi ang isang traktora.

Nangunot ang kanyang noo, pumasok sa isip niya kung ano ang maaaring kahihinatnan ng pakikipagmatigasan ng mga magulang niya sa may-ari ng lupa.

“Ate Joyce!” sigaw ng kapatid niya nang mabungaran siya sa pinto. “Nanay, dumating na si Ate!”

“Ay, salamat sa Diyos at narito ka na! Pihadong matutuwa ang tatay mo,” sabi ni Aling Josie, ang kanyang ina. Nakasuot ito ng bulaklaking duster habang hawak ang walis-tambo. Sa hitsura pa lamang nito ay halata nang may dinaramdam.

Matapos makapagmano sa matanda ay naupo siya sa silya. “Si Tatay?” tanong niya sa mga ito.

“May pinuntahan lang sandali. Gusto mo ba ng kape?” masuyong sabi ng ina.

Sabik na tinabihan naman siya ng kapatid. Beinte-cuatro años na ito ay parang bata pa rin kung kumilos. “Naku, Ate! Alam mo, ang yabang-yabang talaga ng anak ni Señor Philip!”

“Janna, pabayaan mo munang makapagpahinga ang kapatid mo. Siguradong pagod siya sa biyahe. Ang mabuti pa, buhatin mo iyang kargada niya at dalhin mo sa kuwarto,” utos ng ginang.

Mayamaya ay narinig na nila ang boses ni Dencio, ang kanyang ama. “Josie, nariyan na ba ang panganay mo?” kaagad na tanong nito nang buksan ang maliit na tarangkahan na gawa sa kahoy.

“Oo, narito na at kanina ka pa hinihintay,” sagot ng asawa.

Hindi pa man nakakapagmano rito si Joyce ay sinimulan na nito ang pagsusumbong. Umayuda rin ng kuwento ang kanyang ina. Hindi tuloy niya alam kung sino ang pakikingan.

“Teka muna ho,” maagap na saway niya sa mga ito. “Puwede ho bang isa-isa lang? Nalilito ako, eh.”

“Ay, oo nga pala! O, sige, ikaw muna, Dencio,”

Stumbled Heart - Tarra Buluran

anang matandang babae, kasabay niyon ay ang paglabas ni Janna mula sa silid. Umarangkada rin ito ng salaysay nang makitang kuntodo paliwanag ang ama. Napatunganga siya.

“Oy,” pigil ni Josie sa bunsong anak, “kami muna. Pangatlo ka.” Nakangusong sumunod naman ito at naupong muli sa tabi niya. Magkasunod na nagsalaysay ang mag-asawa.

“Noon ko pa kasi sinasabing sumama na lang kayo sa akin sa Cebu, ayaw ninyo. Hinintay pa ninyong magkaganyan. Mukha tuloy kayong kawawang squatters na pinapaalis,” ani Joyce.

“Hmph! Ewan ko ba diyan sa tatay mo, masyadong matigas ang ulo! Ayaw makinig!” kunsumidong sabi ng ina.

“Josefina,” napipikong saad ng lalaki sa asawa, “prinsipyo ang ipinaglalaban ko rito! Si Señor Philip ang nagpatira sa atin dito at nangako siya sa aking mananatili tayo rito hanggang gusto natin!”

Napailing si Joyce. “Pero, Tatay, patay na si Señor Philip. Ang anak na niya ang nangangasiwa sa lahat ng ari-ariang iniwan niya. Ano pang pangako ang panghahawakan natin? Kung ang ipipilit ninyo ay iyong usapan ninyo noon, salita lang iyon ng dila.

Hindi iyon puwede sa batas,” paliwanag ng dalaga.

“Basta’t hindi ako aalis dito! Kung gusto ninyo, iwan ninyo ako! Wala akong pakialam!” matigas pa ring sabi nito.

Naihilamos niya ang mga palad sa mukha. Mahirap talagang baliin ang prinsipyo ng kanyang ama. Bukod sa lumaki at nagkaisip ito sa probinsya, ang lumang kaugalian ang nakasanayan nito na ang lahat ng bagay ay nababayaran ng utang-na-loob.

Minsan nang nanulay sa pagitan ng buhay at kamatayan si Señor Philip noon. Ngunit dahil naroon ang kanyang ama, sinagip ng huli ang kanyang amo mula sa pagkalunod sa dagat. Kaya naman dahil sa pasasalamat, pinatira sila nito sa isang bahagi na iyon ng lupain nang walang bayad. Ang ama rin niya ang kinuha nito na magbantay at mag-alaga sa lahat ng pananim doon na kinakitaan naman ng pag-asenso mula noon hanggang ngayon.

Matapos makapagmuni-muni, nag-angat si Joyce ng ulo. “Ano ngayon ang gusto ninyong gawin ko?” tanong niya sa ama.

Medyo nasilayan ng kaunting pag-asa ang mukha ni Mang Dencio nang marinig iyon.

“Baka puwede mong pakiusapan ang anak ni

Señor Philip na kung gagawin nilang resort ang lugar na ito, huwag na nilang isama ang bahaging ito na kinatitirikan ng bahay natin. Hindi naman siguro makakabawas sa proyekto nila ang kapirasong hinihiling ko,” sagot nito.

Nanlaki ang mga mata niya. “I-ibig ninyong sabihin, kakapalan ko ang mukha ko sa harap niya? Ni hindi nga ako kilala ng lalaking iyon!”

“O, eh, di magpakilala ka. Hindi naman masamang makiusap, ah. Isa pa, maganda ka. Ano ba ang ikinahihiya mo?” ani Dencio.

Namula tuloy ang mga pisngi ni Joyce. “Tatay naman...”

Wala kasi siyang tiwala sa sarili pagdating sa bagay na iyon. Kung kakayahan lamang ang pag-uusapan, masasabi niyang may huhugutin pa siya. Ngunit kung tungkol iyon sa pisikal na aspeto, batid niyang isa siyang talunan.

“Oo nga, Ate, maganda ka naman,” sabat ng kapatid. “Kung aalisin mo iyang makapal na salamin mo sa mata, kung magpapa-straight ka ng buhok, kung magsusuot ka ng mga damit na sexy, at kung—”

“Tse! Tumigil ka!” naiiritang saway niya rito. “Bakit hindi mo na lang ako prangkahin na para

magmukha akong tao, marami ang dapat ayusin sa akin?”

Lumabi si Janna. “Ito naman, nagagalit agad! Totoo ang sinasabi ko; kaunting enhancement lang naman ang—”

“Uupakan na kita, Janna!” nanggagalaiting sabi niya sa kapatid.

“Tumigil nga kayo at sumasakit na naman ang batok ko!” awat ni Aling Josie.

“Joyce, anak,” anang ama sa kanya, “gusto mo bang samahan kita roon bukas?”

Saglit na nag-isip ang dalaga. Natitiyak niyang mas makakabuti kung siya na lamang ang makipag-usap sa anak ni Señor Philip. Masyadong mainitin ang ulo ng kanyang ama at hindi marunong magbaba ng boses kahit ito ang nakikiusap. Baka lalo lamang lumala ang sitwasyon.

“Mabait bang kausap ang anak ni Señor Philip?” tanong niya pagkatapos.

“Naku, Ate! Kailangan pa bang tanungin iyan? The fact na pinaalis niya tayo rito, ibig sabihin, masama ang ugali niya,” nakapamaywang na sagot ng kapatid.

Stumbled Heart - Tarra Buluran

“Eh, Tatay, bakit nga ba hindi kayo kilala ng anak ni Señor samantalang kaibigan ninyo ang ama niya?” naisip niyang itanong sa ama.

“Nasa elementary pa lang ang batang iyon nang ipadala ni Señor Philip sa kapatid niya sa London upang doon mag-aral at umuwi lang dito nang malamang malubha na ang kondisyon ng ama niya. Kaya hindi nakakapagtaka kung bakit wala siyang amor sa mga kagaya natin,” kuwento nito.

Kung gayon, tiwala sa sarili ang kailangan niya upang harapin ito. Napailing na lamang si Joyce.

2

Dumoble ang init ng ulo ni Jim nang sumunod na araw. Biglang nagpaalam ang personal assistant niya na uuwi pansamantala sa pamilya nito upang ayusin ang ilang gusot.

Pumalatak siya. Kung kailan kailangan niya ang serbisyo nito para sa nalalapit na training niya sa susunod na linggo na gaganapin sa Hong Kong ay saka pa siya ibinitin nito sa alanganin.

Halos umuusok ang ilong niya nang tumalon sa swimming pool. Hindi biro para sa katulad niyang baguhan at nag-iisang anak na mamahala ng maraming negosyo. Kung noon pa lamang ay nagseryoso na siya at pumayag na turuan ng kanyang ama sa pasikut-sikot niyon, hindi sana siya nangangapa nang ganito.

Lumalagabog na parang tambol ang dibdib ni Joyce habang pinipindot ang doorbell sa gate ng magarang mansion. See-through ang tarangkahan kaya kahit matayog, kitang-kita niya ang kabuuan ng paligid sa loob.

Wow! humahangang naibulalalas niya sa sarili.

“Sino po sila?” tanong ng guwardya sa kanya.

“M-magandang umaga po. Puwede ko po bang makausap iyong anak ni Señor Philip? Nariyan po ba siya?” aniya. Halos hindi niya maingiti nang husto ang mga labi sa sobrang nerbyos.

“Ah, si Sir Jim Fralikk?”

“S-siya na nga siguro. M-may iba pa bang anak si Señor Philip?” Hindi talaga siya mapakali. Pati ang mga paa ni Joyce ay parang nagsasayaw ng tinikling, hindi niya maipirmi sa pagkakatayo.

“Wala na po, Ma’am. Nag-iisang anak siya ni Señor,” anito.

Kaya pala masama ang ugali. Solong anak. Inayos muna niya ang suot na eyeglasses para handa siya sa anumang bala na pakakawalan ng kanyang pakay.

“Ano po ba ang kailangan ninyo sa kanya?” tanong ng kaharap.

“P-pakisabi, gusto siyang makausap ng anak ni Dencio Paredes,” tugon niya.

“A-anak kayo ni Mang Dencio?” ulit nito.

Nang tumango ang dalaga, binuksan kaagad nito

ang kandado ng gate at nakangiting pinapasok siya.

“Kanina pa niya kayo hinihintay,” sabi nito.

“H-ha?” Naguluhan si Joyce sa sinabi nito. Paano nalaman ng Morelos na iyon na darating siya?

Tila nabanaag ng guwardya ang pagkalito niya. “Tbig ko pong sabihin, inaasahan na po niya na may darating dito na kapamilya ni Mang Dencio para kausapin siya. Nagbitiw na po kasi ng salita si Sir Jim sa mga tauhan niya na anumang oras ay mapipilitan siyang ipagiba ang bahay ninyo kapag nakipagmatigasan pa ang iyong ama,” pag-iimporma nito.

“Ano!” Biglang sumulak ang dugo ni Joyce paakyat sa ulo dahil sa narinig. “Teka, teka, hindi niya puwedeng gawin iyon! Kaya nga ako narito ngayon ay para makiusap sa kanya!”

Napakamot ng ulo ang matandang lalaki. “Sige po, pumasok na kayo sa loob. Sabihin ninyo ang sadya ninyo kay Criselda.”

Nangunot ang noo niya. “Sino naman iyon?”

“Siya po ang mayordoma. Bago po ninyo direktang makausap si Sir Jim, kailangan ninyong dumaan sa kanya,” paglilinaw nito.

“Sosyal!” wala sa loob na naipuslit ng bibig niya.
“Parang computer, may password.”

Dere-derecho siya sa loob habang kinakabisa ang mga salitang pakakawalan niya kapag nakaharap na niya ang masungit na tagapagmana.

Totoo nga ang sinabi ng guwardya, nasa bukana pa lamang siya ng pinto ay nabungaran niyang nakatayo roon ang isang may-edad na babae. Sa anyo pa lamang nitong tila mahigpit ang pagkakahalukipkip ng mga braso at nakataas-noo, parang ayaw na niyang tumuloy.

“Sino ka? Ano ang sadya mo?” istriktang tanong nito.

Bagaman may pag-aatubili, kaagad niyang sinabi ang pakay niya rito. At katulad ng guwardya, ganoon din ang naging reaksyon nito nang makilala siya. Ang pagkakaiba nga lamang, nanatili ang pormal na kilos nito.

“Sumunod ka sa akin,” walang kangiti-ngiting sabi nito. Tinalunton nila ang mataas na hagdanan patungong rooftop. Naroon daw ang amo nito. Naramdaman niyang lumundag ang daga sa kanyang dibdib.

“God is good all the time. God is good all the time,”

Stumbled Heart - Tarra Buluran

paulit-ulit niyang binigkas ang mga salitang iyon na natutunan niya sa charismatic sessions upang lumakas ang loob niya.

Pagpasok ni Joyce sa swimming area sa ikatlong palapag ng bahay, naabutan niyang lumalangoy ang lalaki pabalik sa lugar na kinatatayuan niya.

Matapos siyang ipakilala ng mayordoma ay iniwan na siya nito.

Napatigagal ang dalaga nang umahon mula sa tubig si Jim. Hindi niya napigilan ang sariling sundan ng tingin ang mga patak ng tubig na tumulo mula sa matipunong dibdib nito pababa sa abs hanggang marating ang ipinagmamalaking umbok ng lalaki. Napalunok siya.

At nang balikan niya ang mukha nito, napamaang siya, umaagapay ang malakas na tibok ng kanyang puso. Magandang lalaki ang kaharap niya at hindi mukhang matanda at kalbo na ibinabagay niya sa ugali nito.

“Ikaw pala ang anak ng umookupa sa lupa namin,” bungad nitong pinasadahan siya ng tingin.

“A-ako nga po. Joyce ang pangalan ko,” naiilang

na tugon niya. Sa totoo lang, hindi siya sanay humarap at makipag-usap sa mga lalaki lalo na kung ito ay nakahubad at matamang nakatingin sa kabuuan niya. Gusto tuloy niyang iwan ang anino niya roon.

“Well, Joyce, ayon sa abogado ko, malinaw ang usapan namin ng tatay mo.” Kinuha nito ang tuwalyang nakasampay sa silya sa ilalim ng umbrella table at pinunasan ang katawan. “Pagkaraan ng linggong ito, dapat ay bakante na ang lugar na iyon dahil mayroon kaming time specification plan para sa pagtatayo ng resort doon.”

Nakaramdam ng inis ang dalaga dahil sa kawalan ng konsiderasyon sa tono nito. Halatang wala itong pakialam sa damdamin ng ibang tao partikular na ang kanyang ama na nagsipag magtrabaho para sa mga Morelos.

“Teka lang,” sawata niyang hindi naagapan ang pagtaas ng isang kilay. “Kaya po ako narito ay para makiusap sa inyo na kung puwede, magbabayad na lang kami ng renta buwan-buwan sa inyo, huwag lang ninyong paalisin ang mga magulang at kapatid ko roon.”

Nagsalubong ang mga kilay ng binata at tinitigan siya. Sa tantya ni Joyce ay gusto nitong matawa. “Imposible ang hinihiling mo, Miss Paredes. Bilang

may-ari ng lupa, may karapatan akong gawin kung ano ang gusto ko at hindi dahil sa sulsol ng kung sino lang,” madiing sabi nito.

Sumulak ang poot sa dibdib niya. Isa lamang ang napatunayan niya at tumugma sa description ni Janna tungkol sa lalaki—ang kahambugan nito! Sa pagkadismaya, tinigasan niya ang kanyang leeg at buong tapang na pinamaywangan ang dominanteng lalaki.

“Puwede bang magtanong, Sir Jim Fralip?” mataray na sabi niya.

“Fralikk,” pagtatama nito. Higit na sumeryoso ang mukha ng binatang Morelos nang marahil matunugan nito na iba na ang timplada ng boses niya.

“Bakit ba sa kalaparan ng lupain ninyo, eh, doon pa sa kinatatayuan ng bahay namin ninyo naisip magtayo ng resort? Puwede namang sa kabilang dulo o sa gawing likuran,” aniya.

Hindi nalingid sa kanya ang pagdilim ng anyo ng kausap. “Hindi puwede. Madadamay ang mga pananim lalo na ang kape at cacao. Isa pa, consultant ba kita para sabihin sa akin iyan?” balik nito.

Halos umabot ang dulo ng nguso niya sa puklo ng kanyang ilong. *Ang sungit at ang taas ng pagkilala*

sa sarili ng mokong na ito! Akala mo kung sinong guwapo!

“H-hindi nga! Pero malaki ang naging papel ng tatay ko kung bakit hanggang ngayon, masagana pa rin ang ani ng mga pananim doon! At kung hindi dahil sa kanya, matagal nang tuyot pati ang lupa,” pagdidiin ni Joyce.

Humakbang ito palapit sa kanya na ikinapatda niya.

“Babayaran ko ang lahat ng pinagpaguran ni Mang Dencio kung iyon ang inaalala mo,” sabi ng lalaki na halos masinghot na siya dahil sa sobrang lapit ng mukha nito sa kanya.

“Hindi kami mga materialistic na tao kung iyon ang iniisip mo. Kahit hindi kami kasintaas ng uri mo, may paninindigan kami. At hindi lang pera ang pinagbabatayan namin kundi ang pangakong binitiwang ni Señor Philip sa tatay ko bilang pagkakaibigan nila,” litanya niya.

Nangunot ang noo ng lalaki, hindi kaagad nakapagsalita. Gayunpaman, kahit aristokrato ang panlabas nitong kaanyuan, may pitik sa puso ang karakas nito para sa kanya. Dangan nga lamang ay ayaw niyang maramdaman nito ang papuri niya.

Dahil baka lalong yumabang!

“Sa pagkakaalam ko, that was a long time ago,” malaunan ay sabi ng kaharap. “At ni hindi iyon nabanggit sa testamentong pinirmahan ni Papa. I *am* now the sole owner of that property and I can do whatever I wish without violating any law. Now, did I make things clear?”

Natahimik si Joyce. Wala siyang lusot sa mga sinabi nito kahit saanmang anggulo tingnan. Ngunit nang sumiksik sa isip niya ang kawawang ama, lalong dinurog ang kalooban niya.

Nakatingala siya nang muling magsalita. Sa taas nitong 5’11”, she was dwarfed by his tallness. “Alam mo, hindi ko akalain na sa binait-bait ni Señor Philip, mayroon pala siyang anak na katulad mo!”

Kitang-kita niya ang biglang paniningkit ng mga mata ng lalaki. Kung hindi lamang maganda ang tikas ni Jim, iisipin niyang gusto siya nitong lurayin sa galit.

“Look, Miss, wala akong panahong makipag-usap sa ’yo, okay? Kung may problema ka, ang abogado ko ang kulitin mo! I’m a busy man and merely talking to you means wasting my time!” Pagkatapos sabihin iyon ay tinalikuran na siya nito.

Kapal! nagngingitngit na naiusal niya.

“Kung personal assistant ang kailangan mo, don’t worry, maghahanap ako. Ano ba ang preference mo—sexy, morena, tisay? Sabihin mo lang,” sabi ni Atty. Marquez. Nakaupo ito sa passenger seat ng kotse niya. Galing sila ng opisina at naisip nitong dumaan muna sa bahay niya.

“Huwag mo ‘kong inisin, okay? Hindi girlfriend ang kailangan ko, Dan.” Nagmistulang kumpol ng ulap ang mga kilay niya na anumang oras ay ibabagsak niyon ang ulan.

Natawa ito. “Hey, hindi ka na mabiro! Alalahanin mo, Jim, patikim pa lang iyang nararanasan mo ngayon. Paano kung mas mabigat na problema sa kompanya ang kailangan mong tugunan? Baka buong mukha mo na ang hindi maipinta. Sayang ang gandang lalaki mo,” anito.

Lumangitngit ang preno ng sasakyan nang bigla niyang tapakan iyon. May babae kasing humarang sa daraanan niya. At hindi na siya nagtaka nang makilala niya kung sino iyon. Padabog na umibis si Jim ng kotse upang harapin ito. Sinundan siya ni Dan.

“Ikaw na naman?” galit na sabi niya sa anak ni Dencio. “Aba, Miss, kung magpapakamatay ka, huwag

mo akong idamay!”

“Anong magpapakamatay? Hindi mo ba nakita, pinara kita? Palibhasa, mukhang lumilipad ang isip mo habang nagmamaneho,” mataray na sabi nito.

Nadagdagan pa ang inis niya nang sulyapan niya si Dan, mukhang pinipigilan ang tawa.

“Hindi ba’t tapos na ang usapan natin? Ano pa ang kailangan mo?” aniya sa babae.

Gusto rin niyang matawa nang mabistahan nang husto ang kaharap; maalon ang buhok nito na pinilit ipusod, bahagyang nakatikwas ang nguso, at sobrang kapal ng salamin sa mga mata. Pati ang estilo ng pananamit nito ay kapuna-puna. Gayunpaman, mababakas na may itinatago itong talino at mukhang hindi pahuhuli nang buhay.

“Hindi ko na pahahabain ang sadya ko. Kahit ano, gagawin ko. Huwag mo lang paalisin sa lupa ninyo ang mga magulang ko,” pakiusap ng dalaga.

Tama ba ang narinig niya, nakikiusap ito?

“Kahit ano, gagawin mo?” ulit ni Jim sa sinabi nito.

Tumango ang babae.

“Good!” sabat ni Dan. “Sa tingin ko, solved na iyong isang problema mo, Jim.”

Kinindatan siya ng kaibigan na hindi naman naging mahirap para sa kanya na intindihin kung ano ang ibig sabihin nito.

“Sige, pagbibigyan kita sa hinihiling mo,” malaunan ay sabi niya.

Umaliwalas ang mukha ni Joyce. “T-talaga?”

“Sa isang kondisyon,” dugtong nito.

“A-anong kondisyon?”

Napatitig si Jim sa mga mata nito na bagaman natatakpan ng makapal na lenses, those were attractive hefty pairs, softer than he could imagine.

“Magiging PA kita ng isang taon,” aniya.

Napadilat ang dalaga. “PA? You mean, personal assistant? As in, ‘alalay’ in Tagalog?” Umingos ito nang tumango siya.

“Excuse me, businesswoman ako at hindi ako bagay maging alalay!” halos nakasinghal na sabi ng babae.

“Madali akong kausap, Joyce. Kung ayaw mo, wala akong magagawa. You have two days to leave

Stumbled Heart - Tarra Buluran

the place.” Napangiti siya nang lihim nang makitang tila nataranta ang kausap.

“Pero—”

“You heard me, four eyes.” Kasunod si Dan ay sumakay na siyang muli ng kotse at binuhay ang makina niyon. Sumunod din ang dalaga, hindi mailarawan ang mukha.

“S-sige, pumapayag na ako! Pero huwag naman isang taon, puwede bang anim na buwan na lang?”

3

“Mali yata ang naging desisyon ko sa babaeng iyon, Dan,” napapailing na sabi ni Jim habang humihigop ng kape. Naroon sila sa loob ng chalet sa backyard garden ng mansion.

“Bakit?” tanong nito, habang niluluwagan ang pagkakatali ng kurbata sa leeg.

“Let’s just assume na matapos niya ang anim na buwan. Tagilid ang laban natin sa lupa, Dan, lalo ngayon na hinahanapan tayo ng kontrata ng mataray na iyon,” aniya.

Napailing ang abogado. “Jim, matagal din ang anim na buwan. At sa hitsura ng babaeng iyon, kahit medyo chaka, hindi iyon magpapakatanga. Isa pa, ang balita ko, may negosyo iyon sa Cebu kasosyo ang mga kaibigan niya. Kaya sa tingin ko, mas pipiliin na lang niyang tangayin ang pamilya niya roon kaysa bumaba ang tingin niya sa sarili,” anito.

“Paano kung hindi?”

“Well, I have a reserved plan for that. Meantime, respect me for keeping it,” nakangiting sabi nito.

“Bahala ka, pero—”

“Relax, I have set everything well-guarded,” ani Dan.

Katanghalian nang dumating sina Joyce at Jim sa Hong Kong. Bagaman tutol ang kalooban ng dalaga, pinilit niyang magpakadakila sa natanguang trabaho.

Gaganapin ang one-month training ng lalaki sa *Renaissance Hong Kong Harbour View Hotel* kaya roon na rin ito nagpasyang manatili pansamantala.

Nang umibis sila ng taxi, napahugot siya ng hininga nang masilayan ang kagandahan ng lugar na iyon. The hotel is located on the *Wan Chai Waterfront* and its forty-two-storey building is linked to *Hong Kong Convention and Exhibition Center*. Kita rin mula roon ang panoramic view ng *Victoria Harbour*. Malapit din iyon sa *MTR Subway* at sa *Star Ferry* na umaagapay sa mga turista patungong Kowloon.

Nang marating nila ang silid na pinili nito, kaagad inilatag ni Jim ang katawan sa malambot na kama. Samantalang tila naakit naman siya ng malaking bintana roon, disclosing the beauty of the *Central Harbour View*.

“Pagkatapos mong ayusin ang mga gamit ko sa cabinet, ihanda mo ang panligo ko, ha,” utos nito.

Napaismid si Joyce. Inilibot niya ang mga mata sa apat na sulok na iyon. Hindi niya napansing tumaas ang isang kilay niya.

“Teka muna, Sir Fralikk,” aniya.

“May problema ba?” tanong nito nang makita ang expression niya.

“Mukhang hindi tayo nagkakaintindihan.”

“Saan?”

“Hindi mo man lang ba naisip na dalaga ako at binata ka? Ano na lang ang iisipin ng mga tao kapag nalaman nilang magkasama tayo ng kuwarto? Ayaw ko ring makilala bilang isang babaeng bayaran o kaya ay mapagbintangang nakikipag-live-in. Halata namang wala sa bokadura ko iyon, di ba?” walang kagatul-gatol na sabi niya.

Ngumiti ito nang patagilid, iyong tipong gusto siyang pagtawanan.

“Joyce, hindi mo rin ba nakita, dalawa ang kama sa harapan mo? Ibig sabihin, hindi tayo magkatabing matutulog. At kung sakali, sino naman ang mag-iisip nang ganoon sa atin, sige nga?” hamon nito.

Bumangon ito at naupo sa kama.

“Eh, di sila!”

“Sinong sila?” tila nakukulitang saad nito.

“Iyong mga taga-rito saka iyong mga turistang gaya natin!”

Natawa ang lalaki, tumambad sa kanya ang mapuputi at pantay-pantay na ngipin nito. “Were you born yesterday? They don’t know us, Joyce! And they won’t even bother to look at us that way. Isa pa, wala tayo sa Pilipinas,” seryosong pahayag nito na tila nabababawan sa kanya.

Pinatulis ni Joyce ang nguso. Ayaw niyang ipakitang kumbinsido siya sa mga sinabi nito.

“Basta, pangit pa rin iyong tingnan!” hirit niya.

Tumindig si Jim. “May malisya ka lang siguro.” Tumalikod ito, aktong lalabas ng silid.

Gustong malagas ng mga pilik-mata niya sa narinig. “Yabang!”

Kinindatan pa siya nito bago tuluyang isinara ang pinto, tila nang-iinis. “Lalabas lang ako sandali, may kakausapin akong tao. Iyong panligo ko, huwag mong kalimutan,” ngingiti-ngiting paalala nito.

Pakiramdam ni Jim, para siyang asong ulol na gustong mangagat nang mga sandaling iyon. Mahigit isang oras na ang lumipas ay hindi pa rin siya nakakaramdam ng antok. At marahil, kung naging lalaki ang bago niyang personal assistant ay kanina pa niya ito nasapak.

“Puwede bang patayin mo na ang ilaw at bukas mo na lang ituloy ang pagbabasa mo? Hindi kasi ako makatulog nang maliwanag ang paligid,” nakasimangot na sabi niya sa mukhang nerd na dalaga. Iyon marahil ang dahilan kung bakit lumabo ang mga mata nito.

Ngunit sa halip na tumalima ay inirapan pa siya ni Joyce.

“Eh, di ipikit mo ang mga mata mo para dumilim,” anito.

Lalong sinilaban ang tuktok niya sa sinabi nito. Talagang sinusubukan nito ang pasensya niya.

“Look, kailangan kong gumising nang maaga bukas para sa training and—”

“Ganoon naman pala, eh! Bakit isinama mo pa ako rito sa kuwarto kung naiistorbo ka?” Mas mataas

pa ang boses nito nang mangatuwiran.

“Teka nga muna,” aniya na sa inis ay bumalikwas siya ng bangon. “Sino ba ang boss dito? Isinama kita rito dahil PA kita at ang isang matapat na alalay ay dapat laging handang idulot ang mga kailangan ng amo niya, maliwanag?”

Padabog na isinara nito ang libro at magkadugtong na parang riles ng train ang mga kilay na hinarap siya.

“Ikaw nga ang amo ko pero ginusto ko ba ito, ha?” Napabuntong-hininga ang dalaga. “For your information, kahit guwapo ka, hindi ko pinangarap ang trabahong ganito para lang makasama ka!”

Napamaang siya sa ibinulalas ni Joyce. Bilang kaisa-isang tagapagmana, ngayon lamang niya naranasan na bara-barahin ng isang babae. At ang hindi niya masikmura, ang katulad pa nitong ubod ng baduy ang makakaisa sa kanya. Hindi siya makakapayag nang ganoon.

Mayamaya ay napangiti siya nang lihim.

“Guwapo naman pala ako sa paningin mo kaya dapat sumunod ka na lang. Huwag ka nang umangal para matuwa naman ako sa ’yo,” aniya, bakas ang natural na kapilyuhan sa mukha.

Marahil ay napahiya rin, pagkatapos humaba ang nguso nito ay tila gigil na nagtalukbong ito ng kumot, aktong matutulog na.

“Multuhin ka sana ng mga espiritu rito,” bubulung-bulong na pahabol ng babae.

“Walang multo rito dahil bago ang hotel na ito,” nang-aasar na sagot ni Jim.

Lumawak ang pagkakangiti ng binata nang may biglang pumutok na parang lobo sa isip niya. Sa halip na patayin ang ilaw at matulog, maingat na binuksan niya ang laptop na nakapatong sa ibabaw ng working table na naroon.

At ilang sandali lamang, kinubabawan ng ingay ang paligid dahil sa nakahiligan niyang computer game—ang *Defense of the Ancients*, commonly known as *DotA*.

Narinig niyang umangil si Joyce. “O, akala ko ba gusto mo nang matulog kaya nagagalit ka? Pagkatapos ngayon, nambubulahaw ka! ‘Kainis!’ reklamo nito.

“Paano ako matutulog kung nawala na ang antok ko? Takpan mo ang mga tainga mo para wala kang marinig,” panggagaya ni Jim sa sinabi nito kanina.

Stumbled Heart - Tarra Buluran

Inilabas ni Joyce ang mukha sa kumot. “Puwede mo namang hinaan ang sound niyan, eh! Ang sabihin mo, gumaganti ka lang!”

“Hindi ako nag-e-enjoy kapag walang sound,” kunwari ay sabi niya. Dahil ang totoo, talagang sinasadya niya iyon para ito naman ang mabuwisit at nang sa gayon, amanos na sila.

“Ewan ko sa ’yo!” Gigil na tinakpan nitong muli ang mukha.

Napatili si Joyce nang mabungaran si Jim na nakahubad sa banyo, aktong ilulublob pa lamang nito ang katawan sa bathtub. At bagaman nagulat din ito nang makita siya, hindi na ito nag-abala pang balutin ng tuwalya ang sarili.

“Talaga bang hindi mo alam na narito ako o gusto mo lang manilip?” pilyong sita nito.

Nang matauhan siya, matalim ang mga matang nilingon niya ang lalaki.

“Excuse me, hindi ako manyak para gawin iyon! At wala rin akong interes na makakita ng ganyan dahil hindi ako nangangarap mag-asawa!” aniya, sabay ingos dito.

Stumbled Heart - Tarra Buluran

Totoo ang sinabi niya. Bukod sa paratang ng kanyang mga kaibigan na late bloomer siya, ang pagbabasa lamang ng iba't ibang klase ng libro ang first and last love niya. Sa katunayan, hindi nga niya napapansin na nagkakaedad na siya. At wala siyang pakialam kahit tumanda pa siyang dalaga.

She cared less about men. At hindi siya ipokrita. Hindi niya alam kung bakit. Hindi naman siya tomboy dahil paminsan-minsan, dumarating din sa buhay niya iyong may hinahangaang lalaki. Iyon nga lamang, hindi iyon nagtatagal dahil madali siyang ma-turn-off.

“Hep, saan ka pupunta?” pigil ni Jim, nang makitang tumalikod siya.

“Eh, di lalabas ng banyo! Mahirap na, baka makasuhan pa ako ng attempted rape!” galit na sabi niya, nagmistulang ilong ng baboy ang ilong niya, nanlalaki ang mga butas niyon sa iritasyon.

“Ang mabuti pa,” anito, “i-massage mo ang mga balikat ko.” Hindi pa rin ito nag-abalang takpan ang hubad na katawan.

“Ano!” Napadilat si Joyce. “Bakit, marahista na rin ba ako ngayon?”

Biglang sumeryoso ang mukha nito. Kaya

nakumpirma niyang desidido ang binata na ipagawa iyon sa kanya. Gusto tuloy niyang sabunutan ang skin-head na buhok nito.

“Hindi mo ba alam na kasama iyon sa trabaho ng isang PA?” anang lalaki.

Pinamaywangan niya ito. “Hindi mo rin ba alam, nakakapasma ang minamasahe habang basa ang katawan? Mamaya na lang pagkatapos mo,” paiwas na sabi ni Joyce. Gusto na yata niyang pasinungalingan ang pagkakakilala niya sa sarili. Bakit kasi lumalakas ang lagabog ng puso niya kapag kaharap ito? Normal lamang bang mailang siya rito dahil nakalantad sa kanya ang magandang katawan nito o talagang may hatid na kakaibang gayuma ang binata sa kanya?

Ipinilig niya ang ulo. Hindi niya maintindihan ngunit parang natatakot siyang isipin ang gayon. Parang kinikilabutan siya.

“Masama sa akin ang naiinip. Baka maalala ko ang kasunduan natin, ikaw rin.” Tila naghahamon ang boses ni Jim.

Nangunot ang kanyang noo. “Huwag mo akong takutin. B-baka ikaw ang kasuhan ko ng rape,” aniya.

Napatingin sa kanya si Jim pagkatapos ay biglang nagtatawa. “Ako, kakasuhan mo ng rape? Sa tingin

ko, walang maniniwala,” tila sigurado sa sarili na tugon ng lalaki.

“At bakit?” mataray na sabi niya.

“Unang-una, hindi pa nangyayari na ako ang nanligaw ng mga babae.” Nagbuntong-hininga ito bago nagpatuloy, “At ikalawa, no offense meant, Joyce, pero kahit siguro desperado na ako, hindi pa rin kita papatulan, okay? Simply because I have taste in women.”

Natahimik ang dalaga. Nasaktan siya sa sinabi nito. Biglang uminit ang paligid ng mga mata niya. She could feel her lips almost shaking, that any moment her emotions would explode.

At dahil ayaw niyang lalong magmukhang kawawa at mahalata nito iyon, she tried to speak in a withheld and even tone.

“G-ganoon naman pala, eh! Bakit hindi ka kumuha ng magandang PA mo?” Pagkasabi niyon ay nagmamadali siyang lumabas ng banyo, hinagilap ang shoulder bag, at lumabas ng silid. Bahala na kung saan siya dalhin ng mga paa. Ang importante, hindi nito makikita ang dismayadong mukha niya.

4

Gustong suntukin ni Jim ang sarili. Sa kauna-unahang pagkakataon ay ngayon lamang siya nakapagsalita nang hindi maganda sa isang babae. Kahit mainitin ang ulo niya, hindi niya ugaling manakit ng kahit sino.

Batid niyang nasaktan si Joyce sa mga sinabi niya. At sa pagkakataong iyon, hindi lamang pambabastos ang ginawa niya kundi inalipusta niya ang buong pagkatao nito.

Nabalik lamang ang kanyang ulirat nang malaglag ang hawak niyang lapis. Naroon siya sa working table nang mga sandaling iyon at kasalukuyang ginagawa ang take-home workshop niya, isang major problem sa sales and inventory. At kahit anong sikap niya, hindi iyon kayang solusyonan ng kaalaman niya dahil lubhang taliwas iyon sa pinag-aralan niya sa communication arts.

Bigla tuloy niyang naalalang muli ang katigasan ng ulo niya noon. Marahil, kung maaga pa ay nakinig na siya sa kanyang ama, hindi siya mahihirapan nang ganito. Napabuntong-hininga si Jim. Talagang nasa huli ang pagsisisi.

Stumbled Heart - Tarra Buluran

Aktong tatawagan niya sa telepono si Atty. Marquez upang hingan ng tulong nang bumukas ang pinto ng hotel suite at iniluwa niyon si Joyce.

Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit biglang gumaan ang kanyang pakiramdam nang makita ito. Sobra kasi siyang nag-alala para sa dalaga at dalahin ng konsyensya niya kapag may nangyaring masama rito.

“Saan ka ba nagpunta? I was worried about you,” bungad niya.

Kalmante na ang mukha nito ngunit nang marinig ang sinabi niya, biglang dumilim na muli iyon.

“Huwag ka ngang ipokrito,” madiing sabi nito, dere-derechong naglakad patungo ng banyo, bitbit ang tuwalya.

Napailing si Jim. Wala siyang karapatan na magalit sa sinabi nito dahil natural lamang na iyon ang isipin ng dalaga. Ngunit kahit anong pilit ang gawin niya, hindi niya maiwasang mag-alala. At ang tanging alam niya, ayaw niyang magalit ito sa kanya.

Matapos ang ilang minuto ay bumukas ang pinto ng banyo. “S-Sir Jim,” narinig niyang tawag nito sa kanya. “Ayaw sana kitang kausapin pero kailangan. Puwede bang pakiabot sa akin iyong bihisan ko?”

Nakalimutan ko kasi sa sofa,” ani Joyce.

Napangiti siya. May pagkakomikera rin ito paminsan-minsan. “Sandali lang.” Kinuha niya ang salansan ng damit na sinasabi nito. “Ito ba?” tanong niya.

Bahagyang isinilip nito ang ulo mula roon at napadilat nang makita nitong iniladlad niya ang panty na isusuot nito. Tila nahihiyang sinubukan nitong haltakin iyon mula sa kamay niya.

“Sabihin mo muna sa akin na pinapatawad mo na ako,” ani Jim.

“Kahit kailan, hindi kita mapapatawad,” walang kagatul-gatol na sagot nito.

“Kung gayon, mapipilitan kang lumabas dito nang nakatuwalya lang,” may kapilyuhang sabi niya.

“Akin na iyan sabi!” tila napipikong bulalas nito. Lalong lumapad ang pagkakangiti niya.

“Ayoko. Just say you forgive me.”

Natahimik ang dalaga, marahil ay nag-iisip.

“P-paano kita mapapatawad, hindi ka naman nag-so-sorry,” malaunan ay sabi nito.

Tila nabuhayan ng diwa si Jim at dahil sa tuwa,

Stumbled Heart - Tarra Buluran

bahagya niyang naitulak ang pinto at ilang segundo lamang ay nakapasok na siya sa loob. Napasigaw sa gulat si Joyce.

“Ano ka ba! Lumabas ka nga!” nakaangil na sabi nito. Namumula ang mga pisngi ng babae habang pilit siyang itinutulak palabas.

Bukod sa humahalimuyak ang amoy ng ginamit nitong shampoo at sabon sa paligid, wala itong suot na salamin sa mata at nakalugay ang mahaba at maalon na buhok nito.

At bagaman nakabalot ang tuwalya sa katawan nito, hindi kayang itago niyon ang malulusog at tila galit na galit nitong dibdib na parang gustong kumawala mula roon. Hindi rin sinadya ng binata na mapatingin sa bilog na bilog na puwit nito at kaakit-akit na balakang.

Napabuntong-hininga si Jim nang unti-unting mag-iba ang kanyang pakiramdam, tila may nag-uudyok na pakawalan niya ang nagbabagang damdamin.

He let out another sigh as he tried to maintain his composure.

“I’m sorry, Joyce. I didn’t mean to say those things to you. N-nabigla rin ako.” Hinawakan niya ang isang

kamay nito.

Napatitig sa kanya ang dalaga; marahil ay inaalam kung taos sa puso niya ang kanyang sinabi. At nang mapatingin din siya sa nangungusap nitong mga mata, hindi niya napigilan ang sariling halikan ang mga labi nito.

He was surprised to know that her breath was as fresh as a baby's and that the more he kissed her sensitive lips, the painful it gets on his bulkiness.

At habang nalilibang ang mga labi nila sa masarap na pinagsasaluhan, dahan-dahang gumapang ang kamay niya paakyat sa matayog na bundok nito.

Nabigla si Joyce at naitulak siya palayo.
“B-bastos!”

“I’m sorry, hindi ko sinasadya,” kaagad na paumanhin ni Jim.

“P-please, get out!”

“J-Joyce—”

“I said, get out!”

Napabalikwas ng bangon si Jim nang magising kinabukasan. Naalala niya ang nakatulugang take-

home workshop. Ngunit nang balikan niya ang working table, areglado na ang lahat ng iyon. Malinis at maayos ang pagkakagawa niyon at detalyado ang figures.

Napalingon siya nang magsalita si Joyce.

“Kahit binastos mo ako kagabi, ginawa ko na iyan para hindi ka mapahiya sa mga kasama mo,” anito. Napansin niyang bihis na bihis ito.

“Saan ka pupunta?” tanong niya.

“Diyang lang sa tabi-tabi, magliliwaliw.”

Parang buhawi na isinilid niya ang mga gamit sa folder, at eksaheradong hinila ang tuwalya mula sa towel rack.

“Mamayang gabi na lang tayo mamasyal. Hintayin mo ako,” sabi niya.

Nangunot ang noo ng dalaga, parang ayaw nitong paniwalaan ang sinabi niya.

“I’m serious.”

Napakibit ng balikat ito. “S-sige, ikaw ang bahala.” Pagkasabi niyon ay ibinalik nito ang bag sa hand-carry luggage. At bago tinungo ni Jim ang banyo ay nilingon niya ito.

“Salamat. I owe this day to you,” aniya.

Tumango lamang si Joyce.

Maraming mapaglilibangan sa Wan Chai at katulad ng Pilipinas, naglipana rin doon ang nagtitinda ng sari-saring street foods. At kahit paano, Joyce felt at home.

Nang lingunin niya si Jim, halatang naaliw rin ito sa tanawin. And somehow she was glad that they were no longer at odds with each other.

Mayamaya ay banayad nitong hinila ang kamay niya. “Have you tried their dimsum?” tanong nito.

“Hindi pa pero parang mas gusto ko iyon,” sagot niya, itinuro ang isang stand.

“Chicken balls? Meron naman sa Pilipinas niyan. Ang tikman mo, iyong dito lang makikita,” anito.

Tumulis ang nguso ng dalaga. “Meron din namang dimsum sa atin, ah! Saka naiiba ang chicken balls dito,” katuwiran niya.

“Ano naman ang kakaiba doon?”

“Siyempre, Hong Kong-made!”

Stumbled Heart - Tarra Buluran

Natawa ang lalaki. Wala itong nagawa kundi ang pagbigyan ang gusto niya. In fairness, nagustuhan din ni Joyce ang dimsum na sinasabi nito. Hindi niya matukoy kung anong klaseng spices and herbs ang inihalo sa pagkaing iyon. The taste was foreign but was definitely good.

Pagkatapos nilang kumain, binaybay nila ang kahabaan ng street market malapit doon. Tiangge ang counterpart niyon sa Pilipinas. Samu't sari ang panindang naroon. Sa dami, hindi niya malaman kung ano ang unang dadamputin.

“Choose whatever you want, ako ang bahala. Puwede ka ring bumili ng mga pasalubong para sa pamilya mo,” sabi ng binata.

“Naku, hindi na. Nakakahiya naman kung ipapa-shoulder ko iyon sa 'yo. Anyway, I have my own money,” tanggi niya.

“I was the one who brought you here so let me suffer,” giit nito.

Napangiti si Joyce. “Sigurado ka? Baka maubos ang pera mo sa akin,” biro niya.

“Singilin kita kapag sumobra ka sa budget ko,” nakangiti ring sagot nito.

Pabalik na ang dalawa sa hotel nang mapansin ni Joyce ang isang pulang kubol sa gilid ng daan. Naliligiran iyon ng iba't ibang kulay ng ilaw.

“Ano iyon?” tanong niya sa binata.

Nilingon nito ang sinasabi niya. “*Fortune House*. Nagkalat din iyan dito. You want to try?” anito.

“Curious lang ako kung ano ang hitsura ng loob.”

“Come on.” Iginiya siya ni Jim sa loob ng *Fortune House*. Matapos nitong iabot ang bayad sa lalaking nakaabang sa bukana niyon ay pinaupo na sila sa harapan ng manghuhula.

“You speak Chinese?” tanong ng matandang babae.

Umiling ang binata. “English, please.”

Binalasa ng fortune teller ang hawak na tarot cards pagkatapos ay hiniling nito na tapikin nila nang tatlong beses iyon. Mayamaya ay tumingin sa kanya ang babae.

“Lady,” anito sa kanya, “your good future is very near. You’re going to marry the man of your dreams.”

Sa sulok ng mga mata ni Joyce, alam niyang

Stumbled Heart - Tarra Buluran

napatingin sa kanya ang binata. Marahil, katulad niya, gusto rin nitong matawa. Iyon naman kasi ang malimit sabihin ng mga manghuhula. Para lamang may masabi, ginagawa ang lahat ng klaseng pambobola.

“And you,” anito na ibinaling ang paningin kay Jim. “You will have a sudden change in plans.”

“A change in plans?” ulit ng binata.

“Yes.” Tumango ang kausap. “But good or bad? I don’t know. It’s up to you.”

“Thank you, Madam, but we’re going,” ani Joyce sa matanda. Hinila niya ang lalaki palabas doon.

“Bakit ka ba nagmamadali?” reklamo nito sa kanya. “Hindi pa kami tapos mag-usap.”

“Naku! Sayang lang ang oras natin doon. Walang katotohanan ang lahat ng sinabi niya,” anang dalaga.

Napangiti ito. “Ayaw mo ba noon? Malapit ka na raw mag-asawa.” Hindi niya alam kung natutuwa ito para sa kanya o iniinis lamang siya.

“That’s the point!” Nanlaki pa ang mga mata niya nang sabihin iyon. “Impossible ang sinasabi niya.”

“Bakit parang siguradung-sigurado ka?”

Stumbled Heart - Tarra Buluran

“Siyempre, sarili ko ito kaya alam ko,” katuwiran niya.

Napatitig ito sa kanya. “Ibig mong sabihin, wala kang planong mag-asawa?”

“Uhm... depende.”

“Anong depende?”

Hay, ano nga ba ang ibig niyang sabihin? Marahil, depende kung may lalaking magkakamaling manligaw sa kanya at kung interesado na siya pagdating ng panahong iyon. Sa ngayon, ayaw muna niyang isipin.

Kahit ilang araw na siyang tagabitbit ni Jim ng mga gamit nito, hindi pa rin matanggap ni Joyce na nagpapakababa siya para lamang sa isang kapisrasong lupa na kung tutuusin, hindi naman talaga kanila.

Napabuntong-hininga siya. Kung nakakaintindi lamang ang kanyang ama, hindi na sila aabot sa ganito.

“Joyce Paredes?” anang boses-matanda sa likuran niya. Naroon siya sa bukana ng bulwagan kung saan ginaganap ang training ni Jim. Naiwan kasi ng binata ang portfolio nito kaya inihabol niya roon.

“D-Don Alexandros?” Hindi siya makapaniwalang makikita ang bilyonaryong magiging lolo ng kaibigan niyang si Yen.

“Hija!” Niyakap siya nito. “What are you doing here?”

“I’m... here for... for a vacation,” paputul-putol na sagot niya.

“Where’s Mitch?” Nagpalinga-linga ito, hinahanap ang isa pang kaibigan niya. “You’re here alone?”

“She’s with me.” Pinamulahan siya ng mukha nang magsalita si Jim.

Kilala ni Don Alexandros si Jim bilang co-participant nito sa training na iyon. Gayunpaman, nabigla pa rin ang una nang malamang siya ang kasama ng binata.

“I’m sorry. I didn’t expect to see you here with your boyfriend—”

“Forgive me, Don Alexandros, but she’s not my girlfriend. Joyce is my personal assistant,” salo ni Jim sa sinabi ng Greek billionaire.

Natuliro ang babae. Hindi niya alam kung saan ibabaling ang paningin. Kung maaari lamang sana ay lumubog na siya sa kinatatayuan.

Stumbled Heart - Tarra Buluran

Really a small world! Iyon na nga ang ipinag-aalala niya. Gusto man niyang ilihim sa mga kaibigan ang nangyayari sa kanya, siguradong makakarating ang masamang balitang iyon sa mga ito.

“Y-your personal assistant?” ulit ng matanda, bakas sa mukha ang pagkamangha.

“Uhm... h-he’s right, Don Alexandros. I-it’s so unfortunate of me that I’m now his PA,” nanginginig ang laman na sagot ni Joyce.

“But—”

“I think the next speaker has just started. Shall we go in, Don Alexandros?” ani Jim. “Thanks, Joyce,” baling nito sa kanya. “You can go back upstairs. I’ll just call if I need you.”

Pumapasok na ang matanda sa function hall, hindi pa rin nito inaalis ang paningin sa kanya na parang hindi malaman kung maniniwala o hindi.